

Mga Tip para sa Ligtas at Malusog na Summer Break

Updated 05/14/21

Habang papalapit tayo sa summer ng 2021, ipinapaalala ng Virginia Department of Health (VDH) at Virginia Department of Education (VDOE) na hindi kailanman nagpapahinga ang COVID-19! Kung hindi ka ganap na nabakunahan, mangyaring patuloy na magsuot ng mask at mag-social distance, tulad ng inirerekomenda ng mga opisyal ng kalusugan. Lwasan ang maraming tao, at gumamit ng tamang kalinisan sa kamay at etiketa sa paghinga sa buong tag-init.

Kasalukuyang pinapahintulutan ang bakuna sa COVID-19 para sa mga batang 12 taong gulang pataas.

Bisitahin ang <https://www.vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine/> upang makaalam pa ng impormasyon tungkol sa pagpapabakuna ng iyong anak. Ang bakuna ay isang mahalagang paraan upang pigilan ang pagkakahawa ng iyong anak sa COVID-19 at pagkakalat nito. Kapag ikaw ay ganap nang nabakunahan, hindi mo na kailangang:



- Magsuot ng mask o magpatupad ng social distancing
- Sundin ang gabay sa isolation/quarantine kapag nalantad ka sa isang taong may COVID-19. Nangangahulugan ito na hindi kailangang lumiban ng iyong anak sa paaralan, mga gawaing atletiko, mga laro, o iba pang mga aktibidad sa pakikisalamuha o mga pagtitipon ng pamilya.

Maaaring kailanganin ng iyong anak ng mga karagdagang bakuna upang simulan ang bagong taon ng pag-aaral.

Magbabago ang batas ng estado sa tag-init na ito at ang mga mag-aaral na nag-enroll sa paaralan para sa taon ng pag-aaral na 2021-2022 ay kailangang napapanahon sa kanilang mga bakuna na kinakailangan sa paaralan. Bisitahin ang <https://www.vdh.virginia.gov/immunization/requirements/> para sa higit pang impormasyon.



Talahanayan 1: 2021 Mga Update sa Pagbabakuna, PreK hanggang 12

PRE-K	KG	IKA-7 GRADO	IKA-12 GRADO
<ul style="list-style-type: none">• Hepatitis A• Hib• Pneumococcal• Rotavirus	<ul style="list-style-type: none">• Hepatitis A	<ul style="list-style-type: none">• Tdap booster• HPV (lalaki at babae)• Meningococcal - MenACWY	<ul style="list-style-type: none">• Meningococcal - MenACWY

Ang lahat ng dibisyon ng paaralan ay mag-aalok ng harap-harapang pagtuturo ngayong taglagas, at ang ilan ay mag-aalok ng mga virtual na pagpipilian.

Nagtutulungan ang VDH at ang iyong dibisyon ng paaralan upang mapanatiling ligtas ang mga paaralan sa susunod na taon sa pamamagitan ng:

- **Pagbabakuna:** Ang VDH at VDOE ay nagtutulungan upang tulungan ang sinumang karapat-dapat na makakuha ng pagbabakuna sa COVID-19 at tiyakin na ang mga magulang ay may kamalayan sa mga kinakailangang pagbabakuna.
- **Testing:** Ang pagte-test para sa COVID-19 ay nananatiling isang kritikal na diskarte sa pag-iwas. Ang screening testing ay pagte-test ng mga taong walang sintomas ng COVID-19 o alam na pagkakalantad. Ang VDH at VDOE ay nagtutulungan upang magbigay ng suporta sa mga dibisyon ng paaralan na pipiliing ipatupad ang mga programa ng boluntaryong pagte-test sa mga paaralan sa taglagas. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang <https://www.vdh.virginia.gov/coronavirus/k-12-testing/>. Ang sinumang nakakaranas ng mga sintomas ng COVID-19 ay dapat manatili sa bahay at makipagtulungan sa kanilang pangunahing tagapagkaloob ng pangangalaga upang ma-test para sa COVID-19.



Contact tracing: Ang mga lokal na kagawaran ng kalusugan ay kumukuha ng karagdagang kawani na nakatuon sa pagsisiyasat ng kaso at contact tracing upang makatulong sa pagtutukoy kung sino ang maaaring nalantad sa isang taong may COVID-19 at siguraduhing hindi nila ito ikakalat sa ibang tao. Tinutulungan din nila ang mga taong nag-a-isolate dahil sa virus na makuha ang mga pangangailangan nila.